

1

“Geri, I’m gay.” Binasag ng mga salitang iyon ang katahimikang namagitan kay Gerianna at sa kanyang nobyo.

“Al naman,” aniyang tumawa-tawa, “sumeryoso ka na, o. Ano ba ang sasabihin mo?” Pinihit-pihit niya ang engagement ring sa kanyang daliri habang hinihintay ang nais nitong isiwalat. Isang linggo na lang at may idadagdag na isa pang singsing sa kanyang kamay: ang platinum wedding band nila ni Al.

Naghintay siya sa sasabihin nito.

Mayamaya, may kung anong hanging umihip sa kanya at bigla siyang nagising sa katotohanang hindi nagbibiro ang lalaki. Something was telling her that that was it. Tiningnan niya ang kaharap, umawang ang kanyang bibig, pero walang lumabas na boses mula sa kanya. Tila naiipit ang kanyang mga baga at parang nalunok niya ang lalamunan.

Tumango ito.

“It can’t be...” Iyon ang tahimik na namutawi sa bibig niya. Umiling-iling siya.

“Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung hindi ko ito ipagtatapat sa iyo, Geri. We have to cancel the wedding. You can’t marry somebody like me, marami ka pang choices out there.”

Kaya pala. Kaya pala hanggang halik lang ito sa pisngi tuwing date nila. Ang akala niyang self-restraint at respeto nito sa kanya ay kawalan pala talaga ng attraction. Ang akala niyang loyalty nito dahil never niya itong nakitang tumingin sa ibang babae ay dahil hindi pala ito interesado sa mga kabaro niya.

“Paano na tayo?” Halos hindi lumalabas ang tinig niya. “Paano ang wedding plans?”

Umiling si Al. “I don’t really know. Hindi ko rin alam,” sagot nito. “Pagtulungan na lang nating i-cancel, sagot ko na lang lahat ng gagastusin.”

“Al, hindi lang iyan,” sabi niya. “Paano natin haharapin ang mga tao? Ano ang sasabihin natin?”

Tahimik lamang ito kaya tinuloy niya ang isipin na naglalaro sa kanyang ulo. Batid niya, ang sosyedad ang laman ng utak nito ngayon. Marahil nakikini-kinita na nito na bibitayin ito sa sampayan ng ama nitong politiko.

“Tulungan mo ako, Al. Ano ang sasabihin natin sa kanila?” Tiningnan niya ang lalaking hindi rin

makapagsalita. Tila lumalabas na siya pa ang mas matatag sa kanilang dalawa. Kunsabagay, ito nga naman ang may problema. “Shall we just say it didn’t work out between us? Ano’ng dahilan?”

Yumuko ito, umiling-iling at parang naging batang hindi malaman kung paano magso-sorry matapos pagsabihan. Ito ba ang crush ng buong university na nakilala niya noon? Ito ba ang basketball varsity player na naging celebrity at sportswear model?

Hinawakan niya ang kamay nito bilang kaibigan, hindi bilang kasintahan. Bigla ay gusto niyang protektahan ito laban sa mismong pamilya nito. Alam niya kung gaano manghusga ang bibig ng ina nitong socialite. Tumikhim siya bago magsalita. “Sabihin nating biglang nagbago ang isip ko. O biglang may nakita kang pangit sa akin.”

“Are you willing to go through that? Sure ka?”

“Let’s not tell everybody the real reason. I don’t see it that way,” sabi niya at nakita niyang bumuntong-hininga ito na parang nabunutan ng sandosenang tinik sa dibdib.

“Thank you, Geri. But I want to know if you are sure of that.”

Tumangu-tango siya. Pero hindi niya alam kung

bakit awtomatiko niyang ginawa iyon. Pakiramdam niya, wala talagang mawawala sa kanya kung ganoon ang magiging sitwasyon. Isang tao lang ang inaalala niya. At para bang nabasa nito ang nasa isip niya.

“You can tell Tito Lawrence. Alam kong maiintindihan niya kung what kind ako.”

Sa totoo lang, mas tinuturing pang ama ni Al ang kanyang daddy kaysa sa tunay nitong ama. Ilang ulit nang nag-hiking ang magulang niya na kasama silang dalawa, pero ang ama nitong congressman, mabibilang yata sa daliri ang mga araw na kasamang kumain ang mga anak sa hapag-kainan.

“Thank you, Al. Thanks for the consideration. Nag-aalala lang ako kung ano ang magiging reaction ni Daddy.”

“Believe me, he’s possibly the kindest man I have ever known.”

“I know. Pero kahit na. Can you imagine,” aniya na pinagkrus ang kanyang mga braso, “ang kaisa-isa niyang anak, hindi tuloy ang kasal?” Bahagya siyang nainis sa pagka-insensitive ng lalaki.

“So ano ang sasabihin natin sa mga inimbita?” tanong niya na hinihikayat itong tulungan siyang mag-isip. Mahigit dalawang-daang tao rin ang

imbitado nila. “We can say na nag-away tayo.”

“And that you were really pissed off,” dugtong nito.

“Mababaw masyado. They can still see through it. Let’s add some drama.”

“Money,” salo nito. “Nag-away tayo dahil sa wedding budget.”

“Get serious, man. Walang maniniwala niyan. How about...” Nag-isip siya. “How about nahuli mo akong may karelasyong ibang lalaki?”

“Girl, reputasyon mo iyan. You can’t risk that. May marangal kang trabaho, ano ka ba?”

Tiningnan niya si Al at tinanong ang sarili kung bakit sa lahat ng depekto ay iyon pa ang ibinigay niya rito. Kung nawalan ito ng isang mata o kamay kaya, wala siyang problema. She could marry a one-arm man anytime. A real red-blooded, one-arm male is a fine bargain anytime.

“How about... bigla kang nawalan ng gana sa akin kasi nadiskubre mong may ugali akong hindi mo masakyan?”

“Ano for example?” udyok nito.

“I snore so loudly.”

Umiling si Al.

“You’re vegetarian and environmentalist and I’m not.”

“You mean, incompatibility.”

“Yeah, serious incompatibility.” Lumiwanag ang kanyang mukha. “Which we uncovered a little bit too late. Incompatibility na hindi tayo puwedeng magsama sa iisang bubong. Iba ang pilosopiya mo sa buhay, iba rin ang pananaw ko.”

“You’re on, Geri girl.”

Nagkatinginan sila at nag-high five. Niyakap niya ang dating nobyo.

“Friends?” Maluha-luha siya nang sabihin iyon.

“Friends.” At niyakap din siya ni Al.

“What’s after this?” tanong niya. “I mean, what are you going to do after this?”

“Go somewhere. New York maybe.”

Tumangu-tango siya. “I will miss you somehow.”

“Magpakabait ka, Ger.”

Nagising siya hindi dahil sa sinag ng araw na nagmumula sa bintana, kundi sa magkasabay na kiriring ng dalawang telepono sa unit niya at pati na rin ng cellphone niya. Hinayaan niya lang na tumunog ang mga iyon at ibinaon ang ulo sa unan.

Linggo ngayon at alam niyang pumutok na ang balita na ipina-publish nilang dalawa ni Al sa tatlong malalaking pahayagan. Ipinalabas nila iyon na chismis ng society columnists, pero actually, sila rin ang nagbigay sa mga ito ng press release kinabukasan matapos nilang mag-usap.

“Kahit ano’ng mangyari, nandito lang ako, Anak,” naalala niyang sabi ng kanyang ama nang ipinagtapat niya rito ang sekreto ni Al at ang kasal na naudlot. Iyon ang nagbibigay sa kanya ng lakas ngayon.

“Geri!” sumasagitsit na bungad ni Tiffany sa kuwarto niya. Narinig niya ang kalansing ng susi nitong nahulog sa sahig na adobe. Ginamit nito ang duplicate key na ibinigay niya rito. Mula kasi nang ma-lock-out si Tiffany noong bago pa lang silang magkakakilala ay nauso sa kanilang apat ang bigayan ng duplicate keys ng kani-kanilang condo units. For emergency purposes. Such as this.

“Hi. Good morning,” kalmado niyang bati sa kaibigan.

“Geri? Nandito ka ba?” Si Lauren iyon. Dumungaw ang kalahati ng katawan nito sa pinto.

“Pasok,” malumanay na anyaya niya rito. Naramdaman niyang niyakap siya ni Tiffany at dumagdag pa si Lauren.

“Geri, I’m so sorry.” Namamalat ang tinig ni Lauren nang sabihin nito iyon. Bahagya nitong hinabaan ang mga salita para makapag-express ng pagdamay sa kanya.

“Tumigil ka. Para kang namatayan,” saway niya sa kaibigan.

Inumbagan siya nito ng nagkalat na unan sa kama niya. “Minsan naman, hayaan mo akong mag-emote, okay?” sabi nito. Pinagmasdan siya nito. “Ano’ng pakiramdam mo?”

“Wala,” iling niya, sabay kubit-balikat. “Ayoko lang makipag-usap kahit kanino.”

“Alam na ba ni Tito Lawrence?” ani Tiffany.

“Siya nga lang ang sinabihan ko pagkatapos na pagkatapos naming mag-usap ni Al.”

“Ano’ng sabi?”

“Kung saan daw ako masaya, suportado niya,” ani Geri. Sa totoo lang, mas malalim pa roon ang pag-uusap na ginawa nila ng daddy niya. Ganoon ka-supportive at ganoon siya nito kamahal. At ngayong araw na ito, kung sakaling tumawag si Lawrence Henera, saka lang niya sasagutin ang kanyang telepono. The rest of the world doesn’t matter. Ipinikit niya ang mga mata.

“At least, sinabi mo sa daddy mo. Kahit di mo sinabi sa amin, okay lang,” tugon ni Tiffany na nakasimangot.

“Sorry. Minadali namin ni Al. Aalis na kasi siya papunta sa New York.”

“Asshole,” usal ni Lauren. “Sorry. Di ko mapigil ang sarili kong di sabihin iyon.”

“Ano ba talaga ang nangyari?” sabay na tanong ng dalawang kaibigan.

“It’s just that it didn’t work out.”

“Anim na buwan tayong nagpaplano ’tapos... just like that?” Pinitik ni Lauren ang mga daliri. “Pero hindi ako pumunta dito para sermunan ka. Nandito ako para damayan ka. Kahit ano pa man ang naging

dahilan ng pag-cancel sa kasal ninyo.”

“Thank you,” sabi niya sa dalawang babae.
“Thank you for being here.”

“Geri, kaibigan mo kami. Ito ang papel namin sa buhay mo,” saad ni Lauren at nagsimula itong mamulot ng mga nagkalat na unan, kumot, at magazines sa kuwarto niya. Pati kurtina ay hinawi nito para mas pumasok pa ang sinag ng araw. Suminghap ito nang malakas nang tumingin sa ibaba. “Oh no...”

“Ano?” sabay nilang tanong ni Tiffany.

“Geri...” Hinarap siya ni Lauren. “Isang grupo lang naman ng news reporters at cameramen ang nasa ibaba ng building.”

Bigla siyang bumangon.

“I was expecting this.” Nagpaikot-ikot siya sa kuwarto niya na hindi alam ang gagawin. Hinarang siya ni Tiffany at hinila paupo sa kama.

“Itatakas ka namin palabas dito. You should stay in a hotel, maybe,” suhestiyon ni Lauren.

Umiling siya. “No. I wanna go home to my dad,” pabulong subalit determinado niyang usal.

“Daan tayo sa emergency exit ng building, ’tapos

mag-taxi tayo. Iyon lang ang puwede nating gawin kasi kapag nakita nilang lumabas ang isang kotse mula dito sa building, haharangin nila,” paliwanag ni Tiffany.

“Emergency exit? Kitang-kita tayo doon. I’m sure may mga reporters na nakaantabay sa likod ng building.”

Saglit itong nag-isip. “I have a better idea. Gamitin natin ang trash chute—”

“No way, Lauren!” pagtutol ni Tiffany.

“It’s big enough. May bakal na hagdan sa loob niyon. Trust me. I’ve tried it once.”

“And you didn’t tell us?”

“Kailangan ko lang maranasan once ang perspective ng nasa isang tunnel. It’s for an anti-depressant medication ad that I designed,” anang graphic artist nilang kaibigan.

Napangiti si Gerianna sa take-charge attitude ni Lauren. Ang pagkakaalam niya, oversensitive at overcautious ito.

“Okay, game. Magbibihis lang ako ng jeans,” paalam niya sa dalawa at walang anumang nagsimulang mag-alis ng robe at nightgown.

“Leave your belongings, Geri. Kami na ang mag-iimpake para sa iyo later. Wala ka nang oras mag-ayos ngayon. Saglit lang kami,” ani Tiffany. Tumakbo na ito papunta sa sarili nitong unit para magsuot ng pantalon. Hindi biro ang lumabas sa trash chute.

“Anong gimmick iyan?” tanong ni Tiffany nang makita ang dalawang kaibigan. Nakasuot-basahan si Lauren, naka-shades, at punit-punit na maong na pantalon. Si Geri, may suot na dust mask at sinusukat sa ulo ang isang itim na trash bag.

“Trash chute. Basura. Ako ang basurera. Got it?” paliwanag nito sa kaibigan habang inaayos ang naka-ponytail na buhok.

“Isuot n’yo ’to.” Ibinigay niya sa mga kaibigan ang dust masks.

Makalipas ang tatlong minuto...

“Lauren, I’m scared,” sabi ni Gerianna na pabulong. Hindi niya gusto ang panis na amoy ng dingding ng trash chute. Malay ba niya kung ano ang mga inihuhulog dito ng mga kasama nilang naninirahan sa building. Bahagyang nanginginig ang mga tuhod at mga paa niya habang kinakapa ang susunod na aapakang baitang. Simpleng

mga U-shaped na bakal lamang ang mga iyon at nakasemento sa dingding ng madilim na trash tunnel.

“It’s okay, Geri. Just follow me. This is the next rung; can you feel it?” anito habang inilalagay ang isa niyang paa sa maliit na baitang. Si Tiffany naman ay nasa itaas niya at tahimik lang itong nakasunod.

“Keep going, it’s okay,” panghihikayat nito.

Bigla siyang nahiya sa ipinapakita niyang attitude ngayon sa mga kaibigan. Sa kanilang apat, siya ang bossy at siya ang pinakapalaban. Siya rin ang unang naging matagumpay ang negosyo at unang umani ng first million business profit. Pero ngayon, para siyang kuting na hindi marunong kung paano bumaba sa punong inakyat niya mismo.

Sa wakas, narating nila ang pinakaibabang level ng trash chute. Niyakap niya ang mga kaibigan habang humihikbi.

“That’s fine, Geri,” bulong sa kanya ni Lauren.

“You made it!” saad ni Tiffany na mahigpit na nakaakap.

“Anong ‘you made it?’” tutol niya. “We made it.”

“Okay. This is the next step,” ani Lauren, pabulong lamang itong magsalita baka kasi may mga reporters

sa labas. “Ako ang unang lalabas, kunwari ay nililinis ko ang trash chute. Actually, titingnan ko kung may tao.”

Ilang saglit pa ay sumungaw ang ulo nito sa chute.

“Coast is clear, pero may nakita akong mga reporters na umaali-aligid. Iyong isang reporter, umaakyat ng emergency exit. Ganoon ka ka-popular, Geri,” sabi nito. “The plan is this: Kakatok ako nang tatlong beses, kunwari ay tinataktak ko ang trash bin. That’s the time na magpapatihulog kayo sa loob niyon.” Nilingon nito ang olive green na bakal na sisidlan ng basura. “Tapos, itutulak ko ang bin palabas sa garden, papunta sa pinakalikod na exit ng compound natin. Doon naman palagi ito dinadala ng mga janitors. It’s just another trash work.”

Walang-imik na tumangu-tango silang dalawa ni Tiffany sa pahayag ni Lauren.

“Puwede ka nang maging tactical officer sa Navy, Lauren,” biro ni Gerianna rito.

“Basurera lang,” balik ng kaibigan at bumaba na ito palabas sa madilim na chute.

“Ambigat ninyong dalawa,” humihingal na sabi ni Lauren nang binuksan nito ang takip ng basurahang malaki. Nakabihis-malinis na ito. “Bilis, labas kayo sa gate...” utos nito na panay ang lingon sa hardin. Malayo ang likod ng condominium sa mismong building ng units nila, pero just in case...

Umahon si Gerianna sa basurahan at tumingala sa bughaw na langit. Kakaiba ang umagang ito, banayad ang sikat ng araw, ni hindi ito mainit sa balat. Ibinukas niya ang kanyang mga kamay at umikot-ikot. Pakiramdam niya ay nakatuntong siya sa bagong mundo. Isang paraisong malayo sa nakaambang gulo na iniwan sa kanya ng dating kasintahan.

Natauhan siya nang dumaan-daan ang kamay ni Tiffany sa kanyang mukha.

“She’s in another world, all right,” sabi nito kay Lauren.

“Hayaan mo na lang. High na high iyan sa amoy ng basura,” paliwanag ng huli. “By the way, I saw Bonnie and Finn’s car,” dagdag nito. “Hindi sila makaparada sa driveway. Kanina pa pala sila tawag nang tawag sa cell ko, naka-silent mode naman. Tingnan n’yo ang cellphone ninyo kung may messages galing sa dalawa.”

“Ba’t di mo sinabi sa akin?” Nilingon ito ni Gerianna, nagparang batang pinagkaitan ng sekreto. Dahil sa paspasang trabaho, siya na lang ang hindi pa nakikipagkita sa mga dumating galing sa honeymoon.

“Geri, nasa loob ka ng basurahan, for heaven’s sake. At itinatakas ka namin,” sagot ni Lauren. “Halika na.”

Nag-ayos sila, pinalitan ang mga basahang pantaas ng disenteng kasuotan at inalis ang dust masks sa mga mukha nila. Ilang sandali pa’y sakay na sila ng taxi palayo sa condominium.

2

“Daddy...” bati niya sa ama na nag-aagahan nang mga sandaling iyon sa hardin ng mansion nito.

“Mga anak,” sabi ni Lawrence na tumayo kaagad sa kinauupuan at naglakad patungo sa kanila na nakabukas ang mga braso. Niyakap ito ni Gerianna at nagsisunuran na rin ang dalawa niyang kaibigan.

Ito ang gusto ng magkakaibigan sa kanyang ama; itinuturing sila nitong mga anak nito. Kapag may oras ang biyudo, iniimbata silang lahat nitong maghiking sa kagubatan o sa bundok, na pinagbibigyan naman nila.

Buong buhay nito ay game na game ito at namana yata ni Geri iyon. Noon ngang nasa grade school siya at obsessed siya sa mga librong *Nancy Drew at Chronicles of Narnia Series*, pina-reconstruct ng ama niya ang buong mansion at pinalagyan ng malawak na ‘secret attic’ na may mga sekretong lagusan saanmang silid sa kabahayan. Para sa kanya iyon at sa kanyang mga ‘spying missions’. Magkasabay rin nilang sinaulo ang Morse Code at kahit sa hapagkainan ay ginagamit ang kutsara at tinidor para sa ‘dash-dot, dash-dot-dot’ na pag-uusap nila. Her

mommy must have had a blast. Buong buhay niya, palagi itong masaya kapag kasama ang dalawang kapamilya nitong ‘adventurers’, meaning, siya at ang daddy niya.

“Dito muna ako sa inyo, Daddy,” anunsyo ni Gerianna sa ama.

Tumangu-tango ito, natimbrehan na nito ang mga nangyayari. Mula nang mamatay ang asawa nito noong nasa college siya, ito na ang nagpatuloy na gumabay sa kanya. Habang tumatagal, tila mas naging sensitive ito sa kanyang pakiramdam at iniisip.

Pinag-aralan niya ang mukha ng ama. Kalmado lamang ito. Nasa mesang hardwood ang lahat ng kinaugaliang kasama nito sa agahan tulad ng brewed coffee sa paborito nitong mug, pandesal de pugon, kapirasong butter, at isang mangkok ng bite-size na pinya. Isa lang ang wala sa breakfast set nito sa umagang iyon; ang pahayagang araw-araw nitong binabasa.

“How do you feel, Geri?” tanong nito.

“I feel fine, Daddy. Kaya lang tumakas kami sa condo,” sabi niyang nakangiti, “so I’m a bit shaken.”

“Tumakas ’ika mo kayo?” gulat nitong ulit.

“May mga reporters kasing nag-aabang,” paliwanag ni Tiffany.

“And Lauren here did a great job of stowing me away,” pagmamalaki niya.

“Paano kayo tumakas?” tanong ng matandang naintriga.

Sabay-sabay na nagtawanan ang magkakaibigan at ikinuwento rito ang nangyari.

“There’s one clever girl out there,” sabi nito at nginitian si Lauren. “You’re my long-lost daughter.”

“Not bad,” dagdag ni Gerianna. “Lauren the Terrible, daughter of Lawrence.”

Tumawa nang malakas ang matandang lalaki at itinaas ang mug ng kape bilang cheers.

“Dad, is it okay kung dito muna ako?” sabi niya habang mabilis na tumatayo nang makita niyang pumasok sa komedor ang isang matandang babae. Nagmano siya kay Manang Agatha, ang patpatin subalit istriktong mayordoma ng mansion. Wala pa siya sa mundo ay Manang Agatha na ito. Sa mga nakita niyang antique pictures, parating itim na damit at bulaklaking apron ang uniporme nito at tila hindi tumatanda.

“Tanungin mo si Manang,” sagot nito nang makaupo siyang muli. “Pero ako, you’re always welcome here. Kaya lang, makalat ka raw kapag nandito ka.” Kinindatan nito ang mayordoma.

“Dad naman...” Totoong bahagya siyang napikon sa biro nito.

Tumawa si Agatha at niyakap siya. “Dumito ka muna, mahal ko,” sabi nito, “at kayo rin, Lauren, Tiffany; we will party. When the cat is away, the mice will play.” Tinanguan nito si Lawrence at tumawa.

Itinaas ng dalawa ang mga kamay na parang sa cheering squad at sinakyan ang sinabi ng matandang mayordoma.

Nag-alangan siyang sumali sa cheers na iyon dahil naalala niyang naka-schedule na nga palang umalis ang kanyang ama papunta sa Italya. Bumuntong-hininga siya. Kung kailan ito aalis, saka naman nangyari ang krisis na ito sa buhay niya.

“I might cancel my trip,” sabi ni Lawrence. Natahimik ang bawat isa. Alam nilang lahat na matagal na nitong balak na pumasok sa monasteryo sa Italya. Nakailang despedida gathering na nga ito sa iba’t ibang grupo ng mga kaibigan at kasosyo nito. Bago pa man ang kanilang engagement ni Al,

nagsimula na itong maglagay ng salapi at assets sa sari-saring investment portfolio na unti-unting ipinapasa sa kanya, bilang paghahanda sa pag-alis nito.

“Bakit, Dad?” tanong niya. “Is it because of my cancelled wedding?”

Hindi umimik ang ama niya.

“No, no. You can’t let that be your reason.” Umiling-iling siya. “Dad, I’m twenty-nine. I can take care of myself.”

Umupo siya nang tuwid para panindigan ang kanyang sinasabi. Alam niyang matagal nang pangarap ng kanyang ama ang sumama sa Franciscan Brothers. Iyon nga lang ay isinakripisyo nito iyon dahil kailangan nitong asikasuhin ang mga iniwang negosyo ng ama nito. Dagdag pa, na-in love at nag-asawa ito. Pero ngayong malaya na ito, alam niyang hinihila pa rin ang kanyang magulang ng monasteryo sa Italya. Nabasa niya iyon sa pinakialaman niyang *Reflections Journal* ng biyudo.

“We’ll see,” anito at tumaas ang mga kilay. “Ayaw ba ninyong maligo?” At pinagalaw-galaw ang ilong para imuwestra kung ano ang ibig sabihin, galing pa mandin sila sa trash bin.

“Daddy, you’re not answering my question,” tutol niya.

Sa halip na sumagot ay hinalikan nito ang kanyang ulo at sinabing, “Okay, I got to go. Niyaya ako ni Pareng Jaime for a round of golf. At maligo ka, ha? See you at dinnertime.” Kinawayan nito ang mga dalaga.

“Daddy—“ Pero umalis na ito kaya naupo siya at hinihipan ang ligaw na buhok na nahulog sa mukha niya.

Hinintay ni Geri ang ama para sabay silang maghapunan nang gabing iyon. Siya mismo ang nagluto ng hapunan, sa tulong ng kanilang kusinero. Isang tray ng steamed vegetable medley, Italian bread na siya mismo ang nag-bake, at squash soup ang inihanda niya. Gumawa rin siya ng apple cobbler para panghimagas. Mula nang sumakabilang-buhay ang kanyang ina, naging vegetarian na ang kanyang ama, marahil dahil naghahanda itong pumasok ng monasteryo ni San Francisco.

Inilawan niya ang chandelier na nakasabit sa tapat ng dining table at nagsindi pa ng mababangong kandila sa mga antigong candelabra.

“You are spoiling me,” sabi ng ama na itinatago ang nakabadyang ngiti. “This is a feast.”

“Minsan na nga lang tayo magkasamang kumain ng hapunan, Dad,” sabi niya. Pero retorika lamang iyon. Tuwing Huwebes kada linggo ay ito ang date niya sa hapunan. Kahit ano pa ang mangyari, bumaha man o magka-rally, palagi niyang isinasantabi ang Huwebes para magkasama silang kumain.

“At saka pag nandoon ka na sa Italya, mami-miss mo ito,” aniya. “Puro olives at tinapay at keso na lang ang kakainin mo doon, sige ka.” Ito ang akala niyang kinakain ng mga monghe.

“Batang ito.” Tahimik na tumawa-tawa si Lawrence. “Alam mo bang mga monghe ang nagpasimula ng mga ubasan sa Europa?”

“Alam ko.”

“Kaya nga may alak na sinasabi. Nakatikim ka na ba n’un?”

Ngumiti siya nang malawak. Tiyempo namang lumapit ang kanilang kusinero dala ang oakwood bucket na may lamang pinalalamig na champagne.

“So, bakit ninyo gusto maging Franciscan, Dad?” tanong niya sa magulang. Tiningnan niya ito sa ilaw

ng chandelier kahit na abala siya sa paglalagay ng napkin sa kanyang kandungan.

“Dahil wala na akong ibang gustong gawin sa mundo kundi ang mag-meditate,” sagot nito na nakatingin sa malayo, “at mamuhay nang simple. I think it’s my calling ever since college.”

“Ba’t di kayo pumasok noon pa man?”

“Kung pumasok ako noon, eh, di wala ka dito sa mundo,” tugon nito na tumingin sa kanya.

“You got me there.” Tumawa siya sa ekspresyon sa mukha nito. “Ba’t mo gustong magdasal na lang parati?” Sa totoo lang, hanga siya rito at may oras talaga itong magdasal sa umaga at sa gabi. Ito ang dahilan kung ba’t mahal na mahal ito ng kanyang ina at si Lawrence din ang pinili ng pihikang mga magulang ng kanyang mommy sa lahat ng manliligaw nito.

“Kasi pakiramdam ko, mas may koneksyon ako sa Diyos sa ganoong paraan,” paliwanag nito. “Kasi labis-labis ang pagpapasalamat ko. May sekreto ako na hindi ko pa nasasabi sa iyo at ayaw kong sabihin sa iba...”

Ipinatong ni Gerianna ang siko sa mesa para mas lumapit pa siya sa ama at nang marinig ang

rebelasyon nito.

“Ang dali-dali kong nakuha ang lahat ng ito, Geri,” simula nito na inikot ang paningin sa kabuuan ng mansion. “Parang may parating tumutulong sa akin sa lahat ng business endeavors ko. Parang may invisible hand na gumabay sa akin hanggang sa lumitaw ang lahat ng ito. It’s time to say ‘thank you’ everyday.”

Tumangu-tango siya. Nauunawaan niya ngayon kung bakit parati na lang ‘Salamat sa Diyos’ ang bukambibig ng matanda. Hindi lang pala automatic expression iyon.

Dumako pa sa iba’t ibang topic ang pag-uusap nila sa gabing iyon, hanggang sa maubos ang apple cobbler na panghimagas.

“You are spoiling me,” sabi ni Lawrence sa anak, kunwari ay nagreklamo dahil binusog niya ito.

Nang tumayo sila mula sa hapag ay nilapitan niya ito.

“Daddy, Daddy. You *must* go,” pahayag niya at hinawakan ang kamay nito. “Huwag mo akong intindihin. Malaki na ako. You gave me all the strength that I need to survive. Sobra-sobra pa nga.”

Tiningnan siya ng magulang.

“Hindi naman sa pinagtutulakan kita, pero palagi mo na lang isinasantabi ang pangarap mong iyan. You must go. Bumalik ka na lang kung nagbago ang isip mo.”

“Are you sure you can take care of yourself? Are you really sure?”

“Kahit pa nandito kayo, hindi ko kayo idadamay sa gulong ito. Sariling laban ko ito, Dad.”

“Kailan ba lumaki ang anak ko? Where did my girl get that tremendous amount of courage? ”

“You should go, Dad. For me. For God.”

Nanatiling nakatayo ang ama niya at taimtim na tumingin sa malayo. “Yes, I’ll go.”

Mahigpit niya itong niyakap. Tila siya man, nararamdaman ang kalayaang nararamdaman nito ngayon.

Nang dumating ang araw ng pag-alis nito, kasama niya ang driver at hardinero ng mansion na si Mang Gorio na inihatid sa airport si Lawrence. Naka-disguise siya dahil baka may makakilala sa kanya na usyusero’t usyusera na gustong makasagap ng juicy chismis tungkol sa naudlot na kasal niya at ng anak

ng politiko.

“Geri...” Mahigpit siyang niyakap ni Bonnie at sumunod na humalik sa kanyang pisngi ang asawa nitong si Finn.

“Blooming tayo, ah,” bati niya sa kaibigang ngayon lang muli nakita. “Ano ang ginawa mo sa kaibigan ko?” Pinandilatan niya kunwari ang asawa nito na tumawa lang.

“Geri, kumusta ka na?” tanong ng babae na yumakap muli sa kanya. Ibinalik niya ang mapagkonsolang yakap nito at pansamantalang inihimlay ang ulo niya sa balikat nito bago lumayo.

“Kung ano’ng narinig ninyo at nabasa, iyon na. Wala nang masyadong deta-detalye.” Halos kagatin niya ang dila para huwag tumakas ang gusto niyang ikumpisal sa mga kaibigang parang mga kapatid na rin niya; na closet gay si Al. “Come on, let’s party, guys!”

Maging si Manang Agatha ay napa-videoke nang wala sa oras. Nang magsawa ang magkakaibigan at napaos sa kaaawit, nagpatugtog naman sila ng mga lumang plaka sa antigong turntable at ni-review ang kaunti nilang alam na steps sa cha-cha, boogie, tango,

balse, at rumba. Bumaha ng sari-saring pagkain mula spicy appetizers hanggang matatamis na panghimagas nang gabing iyon sa mansion ng mga Henera.

Hinatid niya ng bear hugs ang mga kaibigan nang pauwi na ang mga ito. Disiplinado ang mga oras ng mga ito; may pasok pa sa trabaho ang iba kinabukasan, kaya hanggang hatinggabi lang ang paalaman nila.

Tahimik niyang tinanaw ang pinakahuling sasakyang umalis at matagal siyang tumayo sa pagitan ng malalaking classic columns sa front porch. Awtomatikong nag-off ang mga ilaw sa hardin at iniwang madilim ang paligid. Mas lumitaw ang mga bituin at may isang bulalakaw pang pumagitna sa eksena.

“I wish for peace of mind, I wish for true love,” bulong niya sa bulalakaw. Sa halip na magkatotoo iyon, nakaramdam siya ng pag-iisa kaya pumikit siya at taimtim na sinambit ang kanyang hinihiling. “Peace of mind... true love....”

Nagising siya dahil sa pagyugyog ni Manang Agatha kinabukasan, nagsasalita ito nang pabulong.

“May press people sa baba, papapasukin ba

natin?”

“No way, Manang.” Mabilis na bumangon si Gerianna, nagpalit ng maong pants at t-shirt saka kumakandirit na isinuot ang kanyang medyas at rubber shoes.

“Nagpupumilit sila, Geri. Di kaya ng powers ko ang ‘sandosenang paparazzi,’” sabi nito.

“Manang, kayo ang terror ng mansion na ito, huwag ninyong kalimutan iyan. Prove it to them,” balik niya, at biglang lumitaw ang isang ideya sa utak niya. “Better yet, papasukin ninyo.”

Tumaas ang kilay nito.

“I-entertain ninyo sila, ipakain ninyo ang natitirang party stuff kagabi, ’tapos sabihin ninyo wala ako rito.”

“Saan ka naman pupunta?” Nakita nito ang kislap sa mga mata niya.

“Maghapon ho ako diyan,” aniya habang itinuturo ang kisame, sabay kindat sa matanda.

Napa-‘ah’ ito at ngumiti hanggang sa lumabas ang perpekto nitong porselanang mga ngipin na ginawa ni Dr. Joss Jaws. “In that case, leave ‘em to me.”

Bahagyang kumunot ang noo ni Gerianna sa pinakawalang 'sinister voice' ni Manang Agatha. Masyado yata itong nanonood ng espionage at Western movies.

Ginugol niya ang maghapon sa pagbabasa ng mga lumang romance novels na nakatambak sa attic.

Ano kaya kung gawin ko na lang ito forever? tanong niya sa sarili habang kumakagat sa salmon lox sandwich na ipinuslit sa kanya ng mayordoma sa isang secret stairway na nakatago sa sekretong cabinet sa kusina. Nag-text siya ng pasasalamat sa matandang babae mula sa kisame ng kabahayan. Lumagok siya ng orange juice na nakuha niya sa picnic basket na pinaglagyan ng isang malaking salmon sandwich.

“Siguro, pag lumabas ako dito, dabyanita na ang hitsura ko.” Pagkatapos sabihin iyon, huminto siya sa pagnunguya at inilagay ang kalahating sandwich sa basket. Na-imagine niya ang sarili na binubuhat ng helicopter mula sa isang malaking butas sa bubong ng bahay dahil hindi na siya kasyang dumaan sa mga secret passageways ng mansion.

Hello Manang, hingi po ako ng mineral water. No more bread na may mantikilya, ha? Thank you. At nilagyan niya ng smiley face ang text message niya.

Nang mainip sa kababasa ng nobela, hinalungkat niya ang mga kahon-kahong nasa isang sulok ng malawak na attic. Nandoon ang mga lumang accounting books ng kanyang mommy pati ang mga librong panggantsilyo nito.

May nakita siyang naka-frame na quotation at pinagmasdan iyon. Ginawa iyon ng kanyang daddy na mahilig mag-watercolor, at nakalagay roon ang isang quotation tungkol sa letting go. Parang Zen verse ang dating niyon.

Isinantabi niya iyon at binalak na ipatong sa mesita sa tabi ng kama niya. Gusto niyang maalala ang kanyang ama sa pamamagitan ng garden watercolor artwork nito. Bumuntong-hininga siya at naisip na nami-miss niya pareho ang mga magulang niya. Bigla siyang naluha at nangulila.

“Pero sabi ko naman sa inyo, sariling laban ko ito.” Ipinarating niya iyon sa dalawa na para bang nasa harapan lang niya ang mga ito.

3

Nagising siya nang marinig ang maiingay na ibon na nagsidapo sa kisame sa labas para roon matulog. Dapit-hapon na, umaagaw na ang dilim nang tumayo siya at lumabas sa pinagtaguan.

Nakita niya ang nakahandang hapunan para sa kanya sa kusina. Lumunok siya. Ilang oras na rin siyang hindi kumakain dahil sa takot na tumaba at hindi na magkasya sa makikitid na daanan papunta sa kanyang secret attic.

Iginala niya ang paningin habang nagsasandok ng mainit na kanin. Nasaan ang kanyang mga kasambahay? Tiningnan niya ang nakapaskil na mansion staff schedule sa pinto ng lumang refrigerator. Movie time. Day-off. Evening class. Day-off. Biyernes nga pala ng gabi. Maliban kay Lina, ang asawa ng kanilang maintenance man, lahat yata ay nasa labas. Saan kaya nagpupunta si Manang Agatha? Lalabas daw ito, ayon sa text message nito, pakabait daw siya, pero hindi sinabi kung saan pupunta. Ngumiti siya sa sumulpot na ideya sa isip niya. Posibleng date. Who's the lucky guy? Tumawa siya nang mahina.

Nakailang balik siya sa kaldero ng super lambot,

melts-in-your mouth na beef adobo. Nang namalayan ang kanyang katakawan, napatigil siya.

“Last bite,” sabi niya at binanlawan ang sariling plato at kubyertos at inilagak ang mga iyon sa dishwasher.

Matapos magsipilyo at magpalit ng malinis na nightgown, hinablot niya ang kanyang paboritong handwoven cotton bathrobe na binili niya sa Japan bilang souvenir. Nagpasya siyang maglakad-lakad sa hardin habang nagpapatunaw ng hapunan, at naisip na bisitahin ang maliit na printing press ng kanyang ama na nasa sulok ng compound. Matagal na iyong nagsara.

Bata pa lang, mahal na niya ang printing press na ito. The smell of paper... faint ink... marami siyang masayang alaala roon. No wonder, nagtayo rin siya ng sarili niyang publishing and printing company. Hinahayaan kasi siya noong maglaro sa opisina ng daddy niya, gumawa ng origami mula sa scrap na papel maghapon; basta lang daw huwag siyang lumapit sa mga makinarya.

Inalis niya ang *Ipanema* sandals na suot at naglakad sa damo nang nakaapak lamang. Napapikit siya nang maramdaman ang malamig-lamig na Bermuda grass na nilalakaran.

Madali niyang nahanap ang susi ng lumang printing press sa ilalim ng pasong namumulaklak ng dilaw na gumamela at sinubukan ang susian. Bukas naman pala. Baka nakalimutang isara ng staff na regular na naglilinis nito. Hindi pa siya tumutuloy sa loob ay nalanghap na niya ang amoy ng lumang papel.

Muling bumalik sa kanyang alaala ang kanyang kabataan. Ang araw-araw na pagkukunwari niyang siya ang manager ng printing press. Naalala niyang sa edad na walong taon, siya ang nagboboluntaryo na humarap sa mga kliyente ng ama at nagpiprisinta na mag-ayos ng mga transactions ng mga ito.

Minsan, may isang batang-batang journalism student na pumunta roon at nag-inquire kung magkano ang printing ng newsletter. Inunahan niya ang kanyang daddy na kaharapin ito at nagpakilalang siya ang manager.

“What can I do for you?” naalala niyang tanong dito.

Natawa siya dahil naalala niyang sinakyan naman nito ang kanyang pagkukunwari. Umakto rin itong seryoso na nakikipag-negotiate sa kanya. Matagal silang nag-usap tungkol sa ‘deal’. Gusto niya ang pakikitungo nito. In fact, she had a crush on him.

At the age of eight, she met her first crush!

Binuklat-buklat niya ang mga files doon. Hinanap niya ang larawan ng kanyang crush. Katuwaan lang. Para lang maalala ang masasayang araw ng kamusmusan niya.

Hindi gaanong malinaw ang black and white na litrato nito, pero nakatulong iyon para mabuhay ulit ang mukha ng lalaki sa kanyang imahinasyon. Zaccheus Potente... iyon ang pangalan ng kanyang first crush.

Kumusta na kaya ito? Mahaba pa ba ang buhok nitong maayos na nakatali? Would he still be tall and lanky? O baka naman nagbago na ang pangangatawan nito—taba, beer belly and all. Nagsasalamin pa ba ito?

Naalala pa niya ang mukha nitong waring naaaliw sa munting 'manager' ng printing press. Bigla siyang kinilig nang lumitaw ang mas malinaw at buhay na mukha nito sa kanyang balintataw. Bukas, igu-*Google* niya ang pangalan nito.

Marami pa siyang binuklat at tiningnan sa files ng ama, tila na-high siya sa amoy ng lumang papel at alikabok. Pakiramdam niya, siya na naman si Nancy Drew.

“What a day,” aniya at walang kiyemeng ginawaan ng kanta ang katagang sinabi niya. “What a day, what a day today...” Nahiya siya sa sarili at huminto sa pag-awit. Kahit nag-iisa siya, na-i-imagine niya na may nakaririnig sa tinig niyang falsetto, iyong tinig niya na ginagaya si Enya, ang Celtic music artist.

“I must have overeaten.” Humikab siya. Nilinis-linis niya ng kamay ang mesa ng ama at ipinatong doon ang ulo saka ipinikit ang namimigat na mga mata. Wala namang mawawala kung dito siya matutulog. Besides, she wanted to linger on her childhood memories.

Nagising siya nang madaling-araw at hinanap ang sariling kama. Nag-inat siya saka lumabas ng maliit na gusali. Hindi pa man niya naisasara ang pinto ay may narinig siyang tunog ng natapakang tuyong sanga. Natigilan siya. At nakita niya ang anino ng lalaking nakaitim na tumalon papasok sa bakuran nila. Awtomatiko siyang tumili, pero may pumigil sa kanyang bibig. Nakapasok na ang kasama nito at iyon ang nakatapak ng sanga.

“Kapag sumigaw ka, patutulugin ka namin,” bulong nito sa tainga niya.

“Ano’ng kailangan ninyo?” tanong niya nang inalis ng lalaki ang kamay sa kanyang bibig. Hinabol niya ang kanyang hininga.

“Nasaan si Al?” marahas na tanong ng isang lalaking nakalapit na sa kanya.

“Hindi ko alam. W-wala siya rito...” Lumakas ang kaba niya nang makita ang baril na inilapit nito.

“Ilabas mo siya kung ayaw mong masaktan,” utos nito.

Walang anu-ano, napanganga siya nang biglang bumagsak sa lupa ang lalaking nakahawak sa kanya. Matutumba sana siya kasama nito kung di siya kumalas. Ano ba ang nangyayari? Bago pa man makapag-react ang kasama nito ay napahiyaw ito nang may matigas na bagay na pumalo sa kamay nito. Tumilapon ang baril nito sa lupa at may mabilis na kumuha niyon.

Nakita niya ang pigura ng isa pang lalaking hindi niya alam kung saan nanggaling. Hawak-hawak na nito ang dalawang baril. Tumayo ito sa harapan niya na tila pinoprotektahan siya at itinutok ang mga hawak na baril sa dalawang lalaki.

“Umalis na kayo,” maawtoridad pero kalmadong sabi nito.

Naglabas ng kutsilyo ang isa at dahan-dahan itong lumapit sa kanilang dalawa ng lalaki.

“Alis,” ulit ng estranghero na hindi apektado sa inilabas na patalim; hindi rin ito umaalis sa harapan niya. “Kung gusto pa ninyong makita ang mga pamilya ninyo. Lalo ka na, dahil titirahin ko iyang tuhod mong may arthritis.”

Nakita ni Gerianna na nagulat ang isang lalaki nang banggitin ng estranghero ang kaso ng tuhod nito. Kumaripas ito ng takbo. Walang nagawa ang kasama nito, sumunod ito at naunahan pa ang isa nang pininggan ang mga ito ng baril na ikinakasa.

Matapos iyon, itinapon ng lalaki ang mga baril sa lupa. Napasinghap siya nang pumihit ito paharap sa kanya; mabilis niyang dinaklot ang patpat na kanina ay hawak nito.

Ipinagsanggalang niya ang patpat. Hahatawin niya ito nang sunud-sunod oras na lumapit ito. *Kahit pa iniligtas mo ako sa potential kidnappers, magiging pinikipikang manok ka pa rin kapag lumapit ka sa akin, aniya sa isip.*

Tumayo naman na hindi tumitinag ang estrangherong gusgusin sa harapan niya na nakataas ang mga kamay. Habang tumatagal siyang nakatingin

dito, tila umaamo naman ang mukha nito kahit na magulo ang humahaba nitong buhok at tumutubong balbas.

“Alam kong hindi mo ako sasaktan,” banayad at dahan-dahang sabi nito. “At wala akong balak na saktan ka.”

Huminga si Gerianna. Naniwala siya rito kaya dahan-dahan niyang ibinaba ang mga kamay niyang nakahawak sa patpat saka matagal na sinuri ang tagapagligtas niya. Sa malamlam na liwanag ng araw, itim ang buhok nito na manaka-naka ay may sumisilip na puting hibla gayong bata pa ang hitsura nito. Katamtaman lang sa isang lalaki ang tangkad nito at kahit na mahaba ang manggas ng camisa de chino ay halatang-halata ang kapayatan.

Dumakong muli sa ulo nito ang kanyang mata at tiningnan ang mga kamay nitong ang mga daliri ay katulad ng maninipis na tangkay ng kawayan. Thin and knotty. May iilang bakas iyon ng mga lumang sugat na humilom na. Alam niyang nangangawit na ang mga braso nito, pero hindi pa rin nito ibinababa ang mga iyon kahit na binitawan na niya ang kanyang patpat.

“Ibaba mo ang iyong mga kamay,” utos niya rito.

Tahimik naman itong sumunod saka bumulong ng salamat. Tumango siya dahil narinig niya ang sinabi nito kahit parang ayaw nitong iparating iyon sa kanya. May pagkapamilyar ang undertone ng tinig nito. Muli niya itong sinipat mula ulo hanggang paa. Punit-punit at marumi ang dulo ng suot nitong canvas na pantalon. Madumi at halos sumabog na ang sapatos nito sa kanang paa. At ang kaliwa naman... tinitigan niya ang mukha nito at hinanapan ng kasagutan. Kumurap ang mga mata nito para sabihing tama ang hula niya. Putol ang kanang paa nito.

Hindi niya alam kung bakit bigla siyang sinalikop ng awa para sa lalaki.

Sino ang taong ito? tanong niya sa isip nang masilayang muli ang mga matang pamilyar sa kanya, pero hindi niya alam kung saan nakita.

Kinuha niya ang patpat sa kanyang paanan, lumapit dito, at ibinigay iyon. Yumuko ito sa harapan niya bilang pasasalamat at tahimik na tinanggap ang tukod na piraso ng kahoy. Di-sinasadyang nahipo niya ang kamay nito sa pagpasa niya sa patpat. Saglit na tumigil ang puso ni Geri. Para siyang nakuryente nang dumikit ang balat niya sa balat nito. The man was too close for comfort.

“Ano ang kailangan mo?” sabi niya, sabay

hakbang papalayo rito.

“May ipapakita sana ako sa iyo,” tugon nito sa banayad na tinig.

“Ano iyon?” balik niyang nakakunot ang noo.

“Manuscript.”

“Nasaan?”

“Nasa loob ng printing press,” tugon nito na tinitingnan ang direksyon ng maliit na gusali.

Nanlaki ang mga mata niya nang banggitin nito ang printing press. Ibig sabihin, nakapasok ang lalaki roon. Kaya ito bukas.

“B-bakit nandoon iyon?” Tila may bara sa kanyang lalamunan nang iusal niya iyon.

Hindi umimik ang lalaki.

“Iniwan mo d-doon? K-kailan pa?” Naramdaman niyang umakyat ang kanyang puso sa kanyang lalamunan.

“Kagabi,” simpleng sabi nito.

Bumilis ang kanyang paghinga, para siyang nawalan ng dugo sa ulo. Bahagyang umikot ang kanyang mundo, kaya naupo siya sa damuhan.

Nilapitan siya ng kausap at alam niyang gusto siya nitong tulungan.

“Don’t touch me,” sabi niya sa nangangatal na tinig.

Lumayo ito nang bahagya at nanatiling nakatayo sa harapan niya.

“Ibig mong sabihin, nasa printing press ka rin kagabi?” tanong niya sa mangiyak-ngiyak na tinig. Nang hindi ito sumagot, tiningala niya ito.

Tumango ito ng ‘oo’.

Mataas na ang araw, wala na ang hamog sa damuhan, pero nanlamig siya sa realisasyon na habang natutulog siya sa loob ng printing press ng kanyang ama, nandoon din ito!

Nasulyapan niya sa gilid ng kanyang mata si Mang Gorio. Nakita na sila nito dahil mabilis itong naglalakad patungo sa kanila.

“Ma’am Geri!” malakas na tawag nito. Inilipat nito ang tingin sa nakatayong lalaki at kinapa ang bolo na nakasabit sa sinturon nito. Nang makalapit ito at mas napagmasdan ang marungis na lalaki at ang mga baril na nagkalat sa damuhan, kaagad nitong hinila ang matalim na sundang.

“Sino ka?” maragsang bitiw ng loyal nilang hardinero. “Labas!”

Mabilis na tumayo si Geri, nakalimutan ang kanyang panghihina at humarang sa pagitan ni Mang Gorio at ng estranghero.

“Huwag, Mang Gorio. Hindi po siya masamang tao,” pigil niya sa hardinero at humakbang para maging sanggalang siya ng lalaki. “Bumalik na kayo sa bahay. Maaga pa. Tulog pa ang mga paru-paro.”

“Sinaktan po ba kayo ng lalaking ito?” tanong nito na hawak pa rin ang sundang.

“Kung may balak man siyang masama sa akin, di sana ako nagdalawang-isip na sumigaw ng saklolo. Narinig mo sana ako,” sagot niya at sinulyapan ang estrangherong hindi niya mabakas ang emosyon. “May ipinapagawa lang po siya sa akin, kaya siya narito. Sige po.” Tumalikod na siya at naglakad papunta sa printing press.

Tinungo niya ang mesa ng ama at nagmalagi sa likod niyon. Mas mabuti na itong may namamagitan mabigat na mesa sa kanilang dalawa ng lalaki. Isa pa, para kahit papaano ay maging propesyonal ang transaction, kailangan niya ang manager’s table.

Sumunod naman ito sa kanya sa loob ng printing

press.

“Upo ka,” alok niya rito.

Hinila niya pasara ang bathrobe para maikubli ang kanyang manipis na nightgown. Namula siya nang maalalang ni wala siyang suot na bra! Pero kahit na, gusto niyang ipakita rito na propesyonal pa rin niyang haharapin itong estrangherong may manuscript. Hindi siya pinalaki ng mga magulang na mapagmata sa mga taong nahahapis.

“Anak, alalahanin mo, nasa mahihirap nakatira ang Panginoon,” palaging sinasabi noon ng napaka-spiritual niyang ama.

“Naghahanap ako ng maglilimbag ng libro na isinulat ko,” sagot nito. “At ang printing press ni Mr. Henera ang una kong naalaala dahil kilala ko na siya.”

Saglit siyang nakatanga at tiningnan ang lalaki. Saan niya narinig ang tinig na iyon? Ang ganoong timbre ng boses?

“Kumusta na ba siya?” tanong nito.

“Ha...ah...” Natauhan siya. “Nagsara na kasi ang printing press na ito,” sagot niya.

“At kumusta naman si Mr. Henera?”

Nang hindi kaagad siya sumagot, nahulog ang mga balikat nito.

“Nasa Europa ngayon si Mr. Henera. He’s alive and well. Nasa mabuti siyang kalagayan, salamat.” Nahulaan niya kung bakit kinumusta ulit nito ang daddy niya.

Tumango-tango ito, huminga nang maluwag, pero bakas pa rin niya ang pagkaunsiyami nito.

“Sige, hindi na ako magtatagal,” sabi nito at pumihit papalabas ng gusali.

“Mister—“ tawag niya na napatayo.

Huminto ito nang bahagya para lang pakinggan siya, ngunit hindi ito tuminag sa kinatatayuan.

“Ang manuscript mo. Gusto ko itong makita.”

Nanatili siyang nakatayo sa likod ng mesa at pinagmasdan ang lalaki habang dahan-dahan itong pumaspaok muli sa gusali at tumuloy-tuloy sa malalaking makina para kunin ang hinihingi niya. The very place she lazily neglected to check last night.

Tinanggap niya ang manuscript nitong original at sulat-kamay.

“Naku, wala na ang Xerox machine dito, okay

lang bang iwan mo ang original copy na ito? Ako na mismo ang magpapa-duplicate,” turan niya, at sa hula niya ay wala naman itong pera para gawin iyon.

“Nasa akin ang photocopy niyan. Pasensya ka na’t nakasulat-kamay,” sagot nito.

“Mas mabuti nga iyon. I’m still impressed by writers who write long-hand,” aniya, hindi bilang pangongonsola kundi dahil totoo iyon.

“Salamat.” Iyon lang at umalis na ito.

“Mister, teka!” Hinabol niya ulit ito. “Paano mo malalaman na ready for publishing na ang manuscript mo? Paano kita mako-contact?” Tinanong niya ito hindi dahil ready for publication na ang ibinigay nito kundi para maging professional ang transaction nila. Ang isa pa’y dahil hindi nakalagpas sa kanyang pandinig ang sinabi nitong *photocopy*, at hindi lang basta-basta *Xerox*. Tiyak niya, maalam ito, marahil ay edukado. Pero bakit ganito ang hitsura nito?

“Ako na lang ang tatawag,” simpleng saad nito saka naglakad papalayo.

Sinundan niya ng tingin ang lalaking hinatid ng hardinero palabas ng compound. Inilagay niya sa drawer ng mesa ang manuscript nito, ni hindi niya tiningnan ang laman niyon dahil nagmadali siyang

Heart Of Freedom - Mika Edelstann

bumalik ng bahay.